

## **Para sa lahat ng empleyado sa mga kumpanya (Mahalagang abiso mula sa gobyerno)**

Maaaring hindi maganda ang takbo ng kalagayan ng inyong kumpanya sanhi ng Novel Corona Virus. Mayroong posibilidad na dahil sa ikaw ay banyaga, maaaring hindi patas ang trato sa inyo ng kumpanya kung ikukumpara sa mga hapon at ito ay hindi nararapat. Tiyakin ang mga kailangang pag-ingatan sa mga nakalista mula 1~4.

1. Dahil sa katayuan ng kumpanya, posibleng ikaw ay sabihan ng “Mag-yasumi ka muna!” Kapag nangyari ito, ikaw ay makakatanggap ng benepisyo kaakibat nito. Ito ay katulad rin sa mga hapon.
2. Kung kinakailangan lumiban sa trabaho dahil sa temporary school suspension ng inyong anak, maaari mong gamitin ang iyong annual paid leave. Ito ay katulad rin sa mga hapon.
3. Bilang proteksiyon sa mga manggagawa, ang gobyerno ay magbibigay ng subsidy sa mga kumpanya. Ang grant na ito ay magagamit sa manggagawang banyaga o hapon.
4. Hindi ka maaaring pag-resign-in ng kumpanya. Kinakailangang sundin ng mga kumpanya ang alituntunin sa pagtatanggal sa trabaho ng mga banyagang manggagawa katulad ng alituntunin sa mga manggagawang hapon.

※Kung may mga suliranin hinggil dito, magtungo sa Labor Bureau, Labor Standard Supervision Office o Hello Work.

○ Kaya naman ay sa Nagoya International Center, 052-581-0100 at huwag mag-atubiling sumangguni.

○ Nagbukas ang Aichi Labor Bureau ng consultation counter para sa mga konsultasyon hinggil sa laganap na Novel Corona Virus Infection.

Numero ng Telepono: 052-972-0266 Oras: 9 : 3 0 ~ 1 7 : 0 0 (weekdays)

○ Maaaring isangguni ang mga sumusunod sa Labor Standard Supervision Office

- Alituntunin hinggil sa temporary absence subsidy o benepisyo.
- Alituntunin hinggil sa Annual Paid Leave
- Alituntunin hinggil sa pagtatanggal ng manggagawa sa trabaho
- Iba pa, suweldo at oras ng trabaho, kondisyones sa oras ng pagtatrabaho.

○ Maaaring isangguni ang mga sumusunod sa Hello Work

- Paano maghanap ng trabaho o introduksiyon sa mga kumpanya.
- Paano makakatanggap ng Unemployment Benefit kapag nag-resign sa trabaho (employment insurance).

**Makipag-ugnayan sa Nagoya International Center kung kinakailangan ng interpreter.**